# O bata, sumambit ka ng ngalan ni Allāh, kumain ka sa pamamagitan ng kanang kamay mo, at kumain ka mula sa nalalapit sa iyo

Ayon kay `Umar bin Abī Salamah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Ako noon ay isang batang lalaking nasa pangangalaga ng Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan). Minsan, ang kamay ko ay naglilikot sa plato, kaya nagsabi sa akin ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "O bata, sumambit ka ng ngalan ni Allāh, kumain ka sa pamamagitan ng kanang kamay mo, at kumain ka mula sa nalalapit sa iyo." Kaya hindi natigil iyon bilang [paraan ng] pagkain ko matapos niyon.}
[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Nagpapabatid si `Umar na anak ni Abī Salamah (malugod si Allāh sa kanilang dalawa), na anak ng maybahay ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na si Umm Salamah (malugod si Allāh sa kanya), na noon ay nasa ilalim ng pag-aalaga at pag-aaruga ng Propeta, na noong minsang siya ay nasa sandali ng pagkain habang naglilipat siya ng kamay niya sa mga gilid ng bandehado upang damputin ang pagkain, nagturo sa kanya ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng tatlong etiketa mula sa mga etiketa ng pagkain: A. Ang pagsabi ng Bismi –llāh (Sa ngalan ni Allāh) sa simula ng pagkain. B. Ang pagkain sa pamamagitan ng kanang kamay. C. Ang pagkain mula sa gilid na malapit mula sa pagkain.



النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee